Pangalan: ____________________________________________ Linggo: ________________

Baitang & Pangkat : __________________________________ Petsa: _________________

## SANAYANG PAPEL # 7 NEO-KOLONYALISMO SA TIMOG AT TIMOG-KANLURANG ASYA

### GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Nasusuri ang mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naiisa-isa ang mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya;
2. Naipaliliwanag ang mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya;
3. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

### ENGGANYO

**NEO-KOLONYALISMO SA TIMOG AT TIMOG-KANLURANG ASYA**
Ang **neo-kolonyalismo** ay ang di-tuwirang pananakop sa bansang malaya na may mahinang ekonomiya at umaasa sa isang makapangyarihang bansa. Ang mga bansang kabilang sa Third World ang madalas na nakakaranas nito dahil sa pagkakaroon ng mahinang ekonomiya.

**Globalisasyon ng Edukasyon**
Maaaring mapaunlad ang kaalaman ng mga bansa sa iba't ibang larangan sa pamamagitan ng pagpapalitan ng iskolar at iba pang paraan. Napipilita ang mga tagapamahala sa mga pamantasan na makipag ugnayan sa mga Kanluraning bansa kung saan magmumula ang kanilang mga libro at kagamitan. Dahil sa kakulangan sa pondo ay dayuhang ahensiya ang namamahala sa mga pasilidad nga mga unibersidad.

**Mga Anyo ng Neo-kolonyalismo sa Kanluran at Timog Asya:**

Ang mga instrumentong ginamit ng neo-kolonyalismo upang makuha nito ang gusto sa malalayang bansa ay kinabibilangan ng mga uring pang-ekonomiya at pangkultura. May mga pagkakataong ginamit din ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang-espiya.

1. **Ekonomiko-** napalaganap ito sa pamamagitan ng kunwaring tulong tungo sa pagpapaunlad kalagayang pangkabuhayan ng bansa, ngunit sa katotohanan ay nakatali na ang bansang tinutulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumutulong.
2. **Kultural-** sa anyong ito ay nabago ang ating pananaw sa mga bagay na likas na angkin ng bansa. Dala ng mga ipinakilala ng mga dayuhan. Nagkaroon ng pagbabago ang ating buhay. Higit na pinahahalagahan ang musika, palabas, babasahin ng mga dayuhan.

Nagbigay ng masamang epekto sa mga Pilipino ang pagpapairal ng wikang Ingles bilang wikang gagamitin sa mga paaralan. Itinuro ng kabihasnan at kasaysayan ng mga Amerikano kaya napabayaan ang sariling kalinangan at maging ang sariling wika.

Ang mga ito ang ilan sa naging ugat upang magtaglay ang mga Pilipino ng kaisipang kolonyal na pumupuri at dumarakila sa anumang bagay na gawa ng Estados Unidos at pagsasantabi sa mga bagay na gawa sa sariling bayan. Bahagi rin ng neo-kolonyolistang kultural ang pagpasok ng iba't ibang pagkaing Amerikano na ngayo'y palasak na sa panlasang Pilipino – hotdog, hamburger, at mansanas, na ipinagpalit na sa katutubong mga pagkaing tulad ng kalamay, puto, latik, ginataan, bibingka at marami pang iba. Maging ang mga pananaw ng mga Pilipino sa buhay ay nabahiran na rin ng imperyalismo. Naghangad ang mga Pilipino ng pagkakaroon ng mga materyal na bagay na siyang batayan ng katayuan sa lipunan. Sa pananaw ng mga katutubong pinunong pampulitika at pang ekonomiya, nakauganay ang pambansang o pansariling nilang interes sa interes ng mga neo-kolonyalista. Dahil dito, madaling impluwensyahan nitong huli ang una upang gawin ang mga hakbang na nais nila.

**Dayuhang Tulong o Foreign Aid**

Ilang instrumento ng mga neo-kolonyalista ang napakaloob sa tinatawag na dayuhang tulong (foreign aid) – pang-ekonomiya, pangkultura, at pangmilitar. Sa Unang malas ay mga tulong na walang kondisyon, tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata at pamamahagi ng libreng aklat ay may kapalit. Kung titingnan maigi, ang mga tulong na ibinigay ng Estados Unidos ay napunta rin sa mga negosyanteng Amerikano. Maging ang tulong militar ng Estados Unidos ay hindi rin libre. Ang ipinamimigay na mga kagamitang militar ay mga surplus na lamang.

**Dayuhang Pautang o Foreign Debt**

Anumang pautang na ibigay ng International Monetary Fund (IMF/WORLD BANK) o ng Estados Unidos ay laging may mga kondisyon. Isa na rito ang mga kondisyon. Kabilang sa mga kondisyon ang pagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan at kalakalan, pagpapababa ng halaga ng salapi at pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis. Kung hindi sundin ang mga kondisyon, hindi makautang ang umuutang. Dahil dito, hindi rin makaahon sa utang ang mahihirap na bansa. Debt trap ang itinawag dito. Lihim na Pagkilos (Covert Operation) Kung hindi mapasunod nang mapayapa, gumawa ng paraan ang mga neokolonyalista upang guluhin ang isang pamahalaan o ibagsak ito nang tuluyan.

**Lihim na Pagkilos (Covert Operation)**

Kung hindi mapasunod nang mapayapa, gumawa ng paraan ang mga neo-kolonyalista upang guluhin ang isang pamahalaan o ibagsak ito nang tuluyan.

**Epekto ng Neo-kolonyalismo**

Maraming naging epekto ang neo-kolonyalismo sa mga bansang sinakop at pinagsamantalahan nito.

**1. Over Dependence o Labis na Pagdepende sa Iba**- Malinaw na umasa ng labis ang mga tao sa mga mayayamang bansa lalung-lalo na sa may kaugnayan sa United States.

**2. Loss of Pride o Kawalan ng karangalan-** Sanhi ng impluwensya ng mga dayuhan, nabuo sa isipan ng mga tao na lahat ng galing sa kanluran ay mabuti at magaling, na siyang dahilan kung bakit ang tao ay nawalan ng interes sa sariling kultura at produkto.

**3. Continued Enslavement o Patuloy na Pang-aalipin**- Totoo ng ang mga umuunlad na bansa ay malaya sa prinsipyo, ngunit sa tunay na kahulugan ng salitang kalayaan, ang mga maliliit na bansa ay patuloy pa ring nakatali sa malakolonyal at makakapitalistang interes ng kanluran. Ang lahat ng aspekto ng kabuhayan ay kontrolado pa rin ng kanluran.

## TALAB

**Tri-Question Approach**

Sagutin ang mga tanong tungkol sa ating paksa sa iyong tri-question box. Maaari mo itong kulayan upang maging kaakit-akit. Gawin ito sa kwaderno.

| | |
|---|---|
| Tanong 1 | Ano-ano ang mga anyo, tugon at epekto sa neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya? |
| Tanong 2 | Paano mo ipaliliwanag ang mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya? Paano mo nasabi? |
| Tanong 3 | Mahalaga ba ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga anyo, tugon at epekto ng neo-kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya? Paano mo nasabi? |

Maaaring markahan ang kagalingan sa pagsagot sa mga gabay na tanong na lohikal ayon sa tri-question approach format. Sa eskalang ! hanggang 5 kung saan ang 5 ang pinakamataas t 1 ang pinkamababa, markahan ang sariling gawain. Isulat ang iskor sa kolum na nasa kanan. Gawin ito sa kwaderno.

| Deskripsyon | Eskala | Iskor |
|---|---|---|
| 1. Kagalingan sa pag-unawa sa paksa | 1-5 | |
| 2. Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong | 1-5 | |
| 3. Kagalingan sa interpretasyon sa paksa | 1-5 | |
| 4. Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu | 1-5 | |
| 5. Kagalingan sa pagbuod | 1-5 | |
| | Kabuuan | |

## RUBDOB

**Kung Ako Lang Sana…**

Ipagpalagay na magkakaroon ng eleksiyon para sa pinakapinuno ng buong Timog at kanlurang Asya. Ikaw ay isa sa mga kandidato. Para sa iyong pangangampanya, sumulat ka nang isang plataporma tungkol sa pagbabago, pagunlad, at pagpapatuloy tungo sa hinaharap ng rehiyong iyong kinakatawan.

**Rubrik**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman/ Kaugnay sa Paksa** | Nakapagbigay ng sariling plataporma sa pahayag at malayang nailahad ang sariling saloobin. | Nakapagbigay ng plataporma at naglahad ng sariling saloobin | Nakapagbigay ng plataporma ngunit limitado ang pagbibigay ng saloobin. | Nakapagbigay ng plataporma ngunit hindi akma sa pahayag. | Hindi nakabuo ng plataporma |
| **Presentasyon** | Maliwanag na naisulat ang plataporma at nakasunod sa panuntunan sa pagsulat. | Naisulat ng maayos ang plataporma. | Naisulat ang plataporma ngunit hindi sinunod ang panuntunan. | Naisulat ang plataporma ngunit hindi maliwanag | Hindi naisulat nang maayos ang plataporma |
| **Kabuuan** | | | | | |

## IRAL

**Pag-isipan Mo!**

A. Gumawa ng talahanayan ng mabuti at di-mabuting epekto ng neo-kolonyalismo.

| *Mabuti* | *Di-Mabuti* |
|---|---|
| *1* | *1* |
| *2* | *2* |
| *3* | *3* |
| *4* | *4* |
| *5* | *5* |

B. Pumili ng isa at gawan mo ito ng isang sanaysay.

1. *"Walang bansa ang Makapag-iisa."*
2. *"Ang sariling pagkakakilanlan ay nawawala dahil sa kulturang dayuhan".*

**Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay**

| Kategorya | Higit na Inaasahan(5) | Nakamit ang Inaasahan(4) | Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (3) | Hindi Nakamit ang Inaasahan(2) | Walang Napatunayan(1) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon | Nakapanghihikayat ang introduksyon. Malinaw na nakalahad ang pangunahing paksa gayundin ang | Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa gayundin ang | Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa subalit hindi sapat | Hindi malinaw ang introduksyon at ang pangunahing paksa. Hindi rin | *Hindi nakita sa ginawang sanaysay. | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | panlahat na pagtanaw ukol dito. | panlahat na pagtanaw ukol dito. | ang pagpapaliwanag ukol dito. | nakalahad ang panlahat na pagpapaliwanag ukol dito. | | |
| Diskusyon | Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay na pagpapaliwanag at pagtalakay tungkol sa paksa. | Bawat talata ay may sapat na detalye | May kakulangan sa detalye | Hindi nadebelop ang mga pangunahing ideya | * | |
| Organisasyon ng mga Ideya | Lohikal at mahusay ang pagkakasunud-sunod ng mga ideya; gumamit din ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya. | Naipakita ang debelopment ng mga talata subalit hindi makinis ang pagkakalahad | Lohikal ang pagkakaayos ng mga talata subalit ang mga ideya ay hindi ganap na nadebelop. | Walang patunay na organisado ang pagkakalahad ng sanaysay. | * | |
| Konklusyon | Nakapanghahamon ang konklusyon at naipapakita ang pangkalahatang palagay o paksa batay sa katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna. | Naipakikita ang pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna. | Hindi ganap na naipakita ang pangkalahat ang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna. | May kakulangan at walang pokus ang konklusyon | * | |
| Kabuuan | | | | | | |

*References:*
ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba(Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral) Pahina 280-287

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ____________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulanG (*Lagyan ng tsek ang inyoong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | na marming hinininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |